

Pagpapanumbalik Pagkatapos ng Sunog Pagtatasa ng mga Septic na Sistema Pagkatapos ng Sunog

Enero 01, 2025

ENVIRONMENTAL HEALTH



Karamihan sa mga gumaganang bahagi ng mga sistema ng Paggamot ng Basurang Tubig sa lugar (mga septic na sistema) ay nasa ilalim ng lupa at karaniwang hindi tinatablan nga pinsala sa sunog. Ang pinsala sa septic na sistema ay kadalasang nangyayari sa panahon ng paglilinis pagkatapos ng sunog.

Inirerekomenda ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan na gawin mo ang mga sumusunod na aksyon kapag ligtas nang bumalik sa iyong tahanan:

- Siyasatin ang iyong sistema para sa pinsala sa PVC na tubo sa ibabaw o malapit sa lupa na maaaring naapektuhan ng init.
- Hanapin ang septic na tangke at suriin kung may sira. Maaaring matunaw ang mga tangke at mga takip na gawa sa plastik at/o fiberglass kapag nalantad sa sungo at matinding init na lumilikha ng butas o mahinang lugar sa tangke o sa riser.
- Harangan ang lugar upang maiwasan ang aksidenteng pagkahulog sa septic na tangke at takpan ang anumang mga bukasang gamit ang plywood o katulad na materyal hanggang sa magawa ang mga pagkukumpuni.
- Hanapin ang lugar ng pagpapakalat, siyasatin kung may pinsala, at harangan ang lugar.
- Ilayo ang mabibigat na kagamitan sa mga lugar kung saan matatagpuan ang mga bahagi ng septic na sistema:
 - Maaaring magresulta sa **pagbagsak ng tangke** ang pagmamaneho sa ibabaw na tinuring walang trapikong septic na tangke.
 - Ang pagmamaneho sa ibabaw ng leach na lugar ay maaaring magresulta sa **pagbagsak ng mga linya ng leach** at pagkaskas ng mga labi gamit ng mabibigat na kagamitan ay maaaring mag-alis ng pantakip na materyal mula sa ibabaw ng mga linya ng leach na magresulta sa pagkabigo ng sistema.
 - Maaaring magresulta ang pagmamaneho sa ibabaw ng isang seepage pit sa **pagbagsak ng pit at pagkabigo ng sistema**.
- Mga bahagi ng **Karagdagang Paggamot**: ang mga bomba, mga kable, at mga bahagi ng salaan ay maaaring masira ng sunog na nakakaapekto sa gumaganang sistema. Mag-ingat sa paligid ng anumang nasirang mga kable dahil sa potensyal para sa elektrikal na pagkabigla. Kontakin ang isang sertipikadong kontratista ng iyong tagagawa ng sistema para sa mga pagkukumpuni.

Kung ang iyong septic na sistema ay nasira, nagba-back up, o hindi gumagana, ihinto ang paggamit at kontakin ang isang lisensyadong septic na sistema na kontratista at sa aming opisina para sa mga pagkukumpuni.

Kung ang iyong tahanan ay nasira ng sunog, mangyaring sumangguni sa **Alituntunin sa Muling Pagtatayo mula sa Sunog** na makukuha sa:

<http://www.publichealth.lacounty.gov/eh/business/onsite-wastewater-treatment-system.htm>.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o nangangailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang **Programang sa Paggamit ng Lupa** sa (626) 430-5380, o sa pamamagitan ng email sa dlanduse@ph.lacounty.gov.